Mahal na Magulang/Tagapag-alaga,

Ito ang ikalabing-isang taon ng State of California's Standardized Testing and Reporting Program (STAR). Ang lahat ng mga estudyante sa mga Baitang 2-11 ay kukuha ng California Standards Test (CST) at ang mga estudyante sa Baitang 3 at 7 at kukuha ng California Achievement Test, Ika-anim na Edisyon (CAT/6). Ang layunin ng programang ito ay upang malaman kung gaano kagaling ang mga estudyante sa mga pangunahing asignatura sa paaralan. Ang mga estudyante sa mga Baitang 2 hanggang sa 8 ay binibigyan ng pagsusulit sa Pagbabasa/Sining sa Wika (Reading/ Language Arts), Pagbabaybay (Spelling), at Matematika (Mathematics). Ang mga estudyante sa mga Baitang 5 at 8 ay binibigyan rin ng pagsusulit sa Agham (Science) at ang mga estudyante sa Baitang 8 ay binibigyan ng pagsusulit sa Araling Panlipunan (Social Science). Ang mga estudyante sa mga Baitang 9 hanggang sa 11 ay binibigyan pagsusulit sa Pagbabasa/Sining sa Wika, Matematika, Agham, at Araling Panlipunan.

Dagdag pa rito, ang lahat ng mga estudyante sa Baitang 4 at Baitang 7 ay kukuha ng California Writing Standards Test. Ang layunin ng pagsusulit sa pagsusulat ay upang malaman kung gaano kahusay ang mga estudyante sa pagsusulat sa Ingles. Ang mga estudyante ay mabibigyan ng isang paksa para sa pagsusulat at susulat sa paksang iyan.

Sa panahon ng tag-init, makakatanggap kayo ng report kung gaano kagaling ang inyong anak sa mga pagsusulit. Ipapakita ng report kung saan siya magaling at kung saan mahina sa akademika. Ang report ay mayroon ring Reading List Number na tutulong sa inyong pumili ng mga librong nababagay para sa antas ng kakayahan ng anak ninyo sa pagbabasa.

Ang California Writing Standards Test para sa ika-4 Baitang at ika-7 Baitang ay ibibigay sa **Marso 4, 2008.** Ang CST para sa ika-2 Baitang hanggang 11, at ang CAT/6 para sa mga ika-3 at ika-7 Baitang ay iaalok mula sa **Abril 28 - Mayo 16, 2008**. Mahalaga para sa inyong anak na nasa paaralan sa mga araw na iyan. Kung para sa anumang kadahilanan hindi gustuhin ng inyong anak ang kumuha ng mga mahahalagang pagsusulit na ito, mangyaring pumunta sa paaralan at makipag-usap sa prinsipal.

Maraming salamat muli para sa inyong pagsuporta para sa Mga Pampublikong Paaralan ng San Francisco.

Translated by Language 411